Talaan ng Impormasyon ng Kampanya

# KAMPANYA NG PAGPIGIL SA KARAHASAN NA MAY KINALAMAN SA BARIL

REDUCE THE RISK
Gun Violence Protection Orders | Save Lives

Isang inisyatibo ng Opisina ng Mga Serbisyong Pang-emergency ng California (Cal OES), ang Bawasan ang Panganib ay isang ay isang kampanya para sa edukasyon at pagbibigay-kaalaman upang matulungan ang mga tao na maunawaan ang siyam na uri ng mga pamprotektang utos na maaaring magpatigil sa karahasang may kinalaman sa baril at makapagliligtas ng buhay.

**If you are in immediate danger, please call 911.**

**Kahit na epektibo ang mga pamproteksyong utos, maraming tao ang hindi pa rin nakakaalam tungkol dito. Ayon sa isang kamakailang pag-aaral, halos 80% ng mga tao ang nababahala na kulang ang kanilang impormasyon tungkol dito.**

## Batay sa Karanasan at Kaalaman ng Komunidad

Ang kampanyang Reduce the Risk ay binuo sa tulong ng Lupon ng Pagpapayo ng mga Kampyon, na binubuo ng mga eksperto sa pagpapatupad ng batas, legal na propesyon, at pangangalagang pangkalusugan. Mayroon din itong Lupon ng Pagpapayo ng Kabataan, isang grupo ng mga kabataang lider na aktibo sa harap ng laban kontra karahasang may kinalaman sa baril

## Mga Pamprotektang Utos

Mula taong 2016, ang mga pamproteksyong utos gaya ng Mga Pamigil na Utos sa Karahasan May Kinalaman sa Baril ay nakapigil na sa 58 banta ng pamamaril sa California. Pansamantalang inaalis ng mga utos na ito ang mga baril sa mga taong posibleng saktan ang kanilang mga sarili o ang iba. Binibigyan ng mga ito ng paraan ang mga mahal sa buhay at kaibigan na makakilos kapag mayroong mga babalang sinyales, upang mapigilan ang mga pagpapakamatay, lansakang pamamaril at iba pang anyo ng karahasan.

- **Mga Pamigil na Utos sa Pamamaril**
- **Mga Pamagil na Utos sa Karahasan sa Tahanan**
- **Mga Pamigil na Utos sa Karahasan sa Postsecondary School**
- **Pamigil na Utos sa Pag-abuso sa Matanda/Umaasang Adulto**
- **Pamigil na Utos na Nauukol sa mga Bata**
- **Pamigil na Utos sa Sibil na Panliligalig**
- **Mga Pamagil na Utos sa Karahasan sa Lugar ng Trabaho**
- **Pamigil na Utos na Pang-emergency**
- **Pamigil na Utos na Pangkrimen**

## Karahasan sa Paggamit ng Baril ayon sa Bilang

Mas kaunti ang bilang ng namamatay dahil sa baril sa California kumpara sa ibang estado, ngunit malaki pa rin ang epekto nito sa maraming tao. Bawat buhay na nawawala ay sobra na. Ang karahasang may kinalaman sa baril ay nagkakahalaga ng humigit-kumulang $41.9 bilyon kada taon sa California .Mga $1.1 bilyon nito ay mula sa buwis ng mga mamamayan. Ibig sabihin, ang bawat tao sa California ay nagbabayad ng humigit-kumulang $1,060 dahil sa mga gastusing may kaugnayan sa karahasang ito.

- **Mas mataas ang posibilidad na mapatay ng baril ang mga taong may baril sa kanilang tirahan.**
- **Kung may baril ang isang babae, mas mataas ng 35 ulit ang posibilidad na siya ay magpakamatay. Para sa mga lalaking unang beses pa lang nagmamay-ari ng baril, 8 ulit ang pagtaas ng panganib.**
- **Karamihan ng mga pamamaril ay hindi nagkataon lamang. Karaniwan ay may nagbigay muna ng babala.**
- **Araw-araw, humigit-kumulang 132 katao ang namamatay sa baril sa U.S. Ibig sabihin, bawat 11 minuto, may isang buhay ang nawawala dahil sa karahasang may kinalaman sa baril.**

**Mag-scan dito upang makaalam pa tungkol sa mga pamprotektang utos at paano mababawasan ang panganib ng karahasan sa paggamit ng baril. ReducetheRisk.ca.gov**

[1] https://injuryprevention.bmj.com/content/28/5/465#DC1